

# Kapatiran Sa Islam



## MGA NILALAMAN

	<u>Pahina</u>
Mga Panitik na Ginamit.....	i
Pambungad.....	1 – 2
Panimula.....	3 – 6
Mga Tungkulin at Karapatan sa Islamikong Kapatiran.....	7 – 19
Kapatiran Noong Panahon ng Kamangmangan (Jahiliya).....	20 –23
Kapatiran sa Panahon ng Propeta Muhammad (SAW).....	23 – 27
Kapatiran sa Makabagong Panahon.....	27 –30
Kapatiran - Pangkalahatang Samahan.....	30 – 32
Uri ng Islamikong Kapatiran sa Pilipinas.....	33
- Ang Kasaysayan ng	33 – 34

Pilipinas.....	
- Ang Makabagong Panahon at Islamikong Kaunlaran.....	34 – 36
Pangkalahatang Pananaw.....	37 –45
Mga Pinagbatayan.....	46

## **MGA PANITIK NA GINAMIT**

SWT SUBHANA’HU WA’TAALA

(Ang Papuri ay sa Allah lamang, ang Kataastaasan)

SAW SALALAHU ALAYHI WA’SALAM (Ang Pagpapala at Kapayapaan ay sumakanya nawa)

RAA RADI ALLAHU ‘ANHU/ANHA/ANHUM (Kalugdan nawa siya/sila ng Allah)

Sa Ngalan ng Allah

Ang Higit na Mapagpala, ang Higit na Maawain

## **PAMBUNGAD**

Ang lahat ng papuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilikha, ng mga nakikita at hindi nakikita. Aking hinihiling ang kapatawaran ng Allah sa aking mga sala at ako’y nagpapakupkop sa Kanya laban sa mga kampon ni Satanas. Ang sinumang ginabayan ng Allah, walang makapag-gagabay sa kanya, at ang sinuman ang hindi sumunod sa tuwid na landas, walang makapag-gagabay sa kanya, maliban sa Allah. Ako ay sumasaksi na walang karapatdapat na sambahin maliban sa Allah, ng walang katambal, at ako ay sumasaksi din na si Propeta Muhammad (SAW) ay huling Sugo at alipin ng Allah.

Unang una akoy nagpapasalamat sa Allah (SWT) at binigyan Niya ako ng lakas at pag-iisip na makapagbigay ng konting kaalaman upang maisakatuparan ang aking pagsasaliksik at maisulat ang tungkol sa isang napakahalagang paksa. Ang paksang sinaliksik sa abot ng aking munting kakayanan ay isang bagay na dapat pagtuunan ng pansin ng bawat tao. Maraming mga pagsubok, pahirap at mga krisis ang sa ngayo’y nangyayari at mga bagay-bagay na lagpas na sa normal na pag-uugali ng isang tao. Mula sa maliit na ugnayan hanggang sa mga ugnayan panlabas ng bawat bansa ay may mga agam agam na animo ay isang haliging buhangin na ano mang oras ay maaring gumuho. Papaano natin ito patatatagin at iwasan na tuluyang gumuho? Papaano natin lalaban ang ganitong suliranin?

Bilang isang mag-aaral ng Islamic Call & Guidance ng Rabwa, nagkaroon ako ng hangaring piliin ang paksang ito hindi lamang dahil sa pansariling kapakanan at bilang pagsusulit sa ika-limang antas kungdi maging sa kapakanan o kapakinabangan ng lahat ng mambabasa na may layuning

tuklasin at hanapin ang tamang lunas o solusyon sa **pakikipag-ugnayan** sa ibang tao. Ang ugnayang ito ay ang **Islamikong Kapatiran** na napapalooban ng mga mga karapatan at responsibilidad ng lahat ng mga Muslim sa kanyang pamayanan, Muslim man o hindi Muslim.

Insha'Allah hinahangad at dinadalangin ko na buksan ng Allah (SWT) ang lahat ng puso ng bawat mambabasa ng artikulong ito at nawa'y maging kapakipakinabang sa lahat. At nawa'y patawarin ako ng Allah (SWT) sa ano mang pagkakamali na maari kong nagawa sa panahon ng aking pag-sasaliksik at pag-gugol sa artikulong ito. Pagkalooban nawa tayo ng Allah (SWT) ng kapayapaan, kasaganaan at kasiyahan sa mundong ito at sa kabilang buhay.



Raed A. Capule

## PANIMULA

Walang duda na ang **Islam** lamang ang tunay na relihiyon. Ang Allah (SWT) ay nagsabi sa Banal na Qur'an: **“Sa araw na ito aking ginawang ganap ang inyong relihiyon at pinili ang Islam bilang inyong kumpletong pamantayan ng buhay”**. Kung itinuturo sa Islam ang pagiging masunurin sa nag-iisang Dios na walang iba kungdi ang **ALLAH** (SWT); binibigyan din ng Islam kung papaano makikipag-ugnayan ang isang Muslim sa kanyang kapwa kapatid na Muslim at hindi Muslim. Ang salitang kapatiran ayon sa isang Diksyonaryong Amerikano ay ang katangian o estado bilang isang kapatiran, samahan, kapisanan o isang organisasyon para sa isang partikular na layunin. Sa ibang dako ang **Islam** ay malinaw na nagtatakda ng higit pang kahulugan kaysa sa sinasabi ng Diksyonaryong Amerikano. Ang **Islam** ay ang tanging tali na nag-uugnay upang magkabuklod-buklod ang mga Muslim bilang magkakapatid sa kanilang paniniwala at pagsuko sa Nag-iisang Allah. Sinasabi sa Hadeeth<sup>1</sup> :

**Si Anas (RAA) ay nag-ulat: Ang Propeta (SAW) ay nagsabi: “Walang sino man sa inyo ang may tunay na pananampalataya hangga’t hindi mo hinahangad ang ano mang mabuti para sa kapatid mo (Muslim) na hinahangad mo ding makakabuti para sa iyo <sup>2</sup>.”**

Ang Hadeeth ay malinaw na nagbigay ng tamang kahulugan kung ano ang hinahangad ng tunay na kapatid tungo sa kanyang kapatid na Muslim. Kung ang paghahangad ng mabuti para sa sarili niya, tulad ng mga biyaya at lahat ng magagandang bagay, ay hinahangad din niya na ito ay malalaspap din ng kanyang kapatid na Muslim, ito ay pagpapatunay ng tunay na pagmamahal sa isang kapatid sa pananampalataya. Hindi sapat na dahilan na ang kapatiran ay dahil sa pagiging kadugo o nag-kaisa lamang dahil sa isang samahan o asosasyon. Ang ganitong klase ng pagkakapatiran na limitado lamang sa partikular na kamag-anak, o hangarin na makapagpapatatag lamang ng isang matibay na samahan ay kulang ng higit na matatag na pundasyon na napapalooban at itinatakda ng isang Islamikong kapatiran. Sa **Islam** ang kapatiran ay isang susi sa sa isang maayos na lipunan at nagkakaisang lakas upang maging malapit sa Allah (SWT). Ito ay isang buklod na pananalampalataya tulad ng sinasabi ng Propeta Muhammad (SAW):

**“Ang pinakamatatag na relasyon ay nabubuo ng dahil sa pagmamahal sa Allah at naghihiwalay ng dahil sa Allah.<sup>3</sup>”**

Ito ang pinakasusi para sa isang pinakamatibay na relasyon na dapat na itatag ng tao. Ang relasyon sa dugo ay walang bilang o halaga kung ang pag-uusapan ay ang relasyon ng mga magkakapatid sa Islam na nagkakabuklod buklod sa pamamagitan ng pananalampalataya at pagmamahal ng dahil sa Allah. Kung ating binabanggit na tayo ay magkakapatid sa isat isa, isapuso natin ang ating sinasabi at hindi lamang kung ano ang namumutawi sa sa ating mga labi. Ang kapatiran sa Islam ay higit pa sa turingan ng tunay na kamag-anak o kapamilya. Ang relasyon na nag-uugnay sa mga kamag-anakan ay napuputol sa sandaling pigilan ang kanyang pagsamba sa Allah at alipustahin ang Kanyang batas. Ang kapatid sa pananalampalataya ay higit na matatag kaysa sa kamag-anak. Ang ganitong relasyon ay hindi lamang pinapalakas o pinapatibay ang pagiging mag-kamag-anak kungdi pati na rin ang pagtatatag ng isang

---

<sup>1</sup> Tradisyon ng Propeta Muhammad (SAW)

<sup>2</sup> Itinala ni Bukhari at Muslim

<sup>3</sup> Itinala ni Ahmad

pamayanang Islamiko at pinapanatili nito ang pagiging malapit ng isang Muslim sa kapwa Muslim.

Sa isang Hadeeth ng Propeta Muhammad (SAW) malinaw niyang sinabi kung paano makikipag-ugnayan sa isang kapatid na Muslim:

**Sa kapahintulutan ni Abu Huraira (RAA), na nagsabi: Ang Sugo ng Allah (SAW) ay nagsabi: “Huwag mainggit sa isa’t isa; huwag mamuhi sa isa’t isa; huwag talikuran ang bawat isa; huwag putulin ang ugnayan ng bawat isa; ngunit, o mga alipin ng Allah, maging magkakapatid kayo. Ang isang Muslim ay kapatid ng bawat Muslim; hindi siya dapat mang-api o manghiya, hindi siya dapat magsinungaling o maging abusado. Ang kabanalan at kabutihan ay naririto” - at kanyang itinuro ang kanyang dibdib ng tatlong beses. Isang kasamaan na hiyain ng isang Muslim ang kanyang kapatid na Muslim. Ang kabuuan ng isang Muslim sa bawat Muslim ay sagrado; ang kanyang dugo, ari-arian, at karangalan.<sup>4</sup>**

Ang Hadeeth ay malinaw na nagsasabi na huwag magkaroon ng inggitan, pagkamuhi o pagkasuklam, pag-iwasan, o panghihiya sa kapwa Muslim, katunayan, ipinagbawal ng Propeta Muhammad (SAW) at ginawang sagrado ang dugo, ari-arian, at karangalan ng isang Muslim. Bawat Muslim ay kapatid ng isang Muslim. Sa isang talata ng Banal na Qur’an, Surah<sup>5</sup> Al Hujarat talata 10 ang sumusunod ay nabanggit: **“ang bawat naniniwala o mananampalataya (Muslim) ay magkakapatid”.**

Ito ay isang malinaw na pagpapahayag mula sa Banal na Qur’an na ang lahat ng mga naniniwala o mananampalataya (Muslim) ay magkakapatid, sino man ang walang paniniwala kailanman ay hindi magiging bahagi ng kapatiran. Ang talatang ito, ay nagpapahiwatig na maging ang pinakamalapit na kamag-anak ay hindi maituturing na tunay na kapatid kung hindi siya naniniwala o mananampalataya (Muslim). Ang tunay at tanging nagbubuklod sa kapatiran sa Islam ay ang pananalampalataya, yaong pagsuko sa isang Tunay na Nag-iisang Dios, ang Allah (SWT). Tulad ng ipinakita ng kapatiran noong kapanahunan ng Propeta Muhammad (SAW) na maituturing na pinakamainam na halimbawa ng tunay na kapatiran. Ang matatag at ang pagkakaisa ng kapatirang Muslim noong panahong iyon ay siyang naging dahilan ng iglap o dagliang paglaganap ng katuruang Islam sa buong kapuluan.

## **MGA TUNGKULIN AT KARAPATAN SA ISLAMIKONG KAPATIRAN<sup>6</sup>**

Ang kapatiran sa Islam ay hindi nagtatapos sa pagtatawagan bilang isang magkapatid lamang, ang Islam ay naglahad ng eksaktong mga tungkulin at karapatan kung papano isasakatuparan ang tunay na pagkakapatiran. Ang kapatiran ay nararapat na isagawa tulad ng mga sumusunod:

**Ang Kapatiran ay ang pagtutulungan ng bawat magkakapatid at sumunod sa utos ng Allah (SWT) at tanggapin ang mga katuruan ng Propeta (SAW) na nagsabi:**

**“Ang tali ng kapatiran sa pagitan ng dalawang Muslim ay tulad ng isang bahagi ng bahay, ang isang bahagi ay bilang sandigan (nagpapatatag) at naghahawak sa isa<sup>7</sup>”**

---

<sup>4</sup> Itinala ni Muslim

<sup>5</sup> Kabanata

<sup>6</sup> Mula sa aklat na “To be A Muslim”

<sup>7</sup> Sahih Al-Bukhari, 2/890

Si Omar bin Al Khattab ay nagbigay ng payo na humanap ng mapagkakatiwalaang kapatid at manirahan sa kanilang lipunan, dahil sila ay mga nagsisilbing palamuti sa oras ng kasayahan at katulong sa oras ng kahirapan. Binigyan diin ni Omar bin Al Khattab na nararapat sa isang Muslim na sikapin na mapasama sa grupo ng mabubuting Muslim, manatili sa kanila, at mamuhay o manirahan sa kanilang lipunan. Ang kapatid ay haligi sa bawat magkapatid. Sila ay magkaisa, sa hirap at ginhawa, buo at matatag na pundasyon na may organikong pagkakaisa, tulad halimbawa ng kung ang isang parte ng katawan ay may nararamdamang sakit, ang buong bahagi ng katawan ay nagdurusa o nakakaramdam din ng sakit. Ang Hadeeth ay nagturan:

**“Ang mga mananampalataya (Muslim) sa kanilang pagmamahalan, ay tulad ng katawan ng tao, na kung ang mga mata ay naghihirap, ang buong katawan ay nakakaramdan din ng hirap; at kapag sumasakit ang ulo, ang buong katawan ay dumaranas din ng sakit”<sup>8</sup>**

**Ang Kapatiran ay isang ispiritwal na tali na tumutulong sa isang tao upang kanyang madama ang mga pangangailangan ng kanyang kapatid at tumutulong sa kanyang kapatid na mabigyan ng tugon ang kanyang mga pangangailangan.**

Binanggit ng Propeta (SAW) na mas mainam para sa isang Muslim na tulongan ang kanyang kapatid na Muslim na matugunan ang kanyang pangangailangan kaysa magsagawa ng I'tikaf<sup>9</sup> sa kanyang Mosque sa loob ng dalawang buwan<sup>10</sup>.

**Ang Propeta (SAW) ay nagsabi:“Kung sino man sa inyo ang tumugon sa pangangailangan ng kanyang kapatid” , at pagkatapos ang Propeta (SAW) ay sumenyas sa pamamagitan ng kanyang mga daliri, “Mas mainam iyon para sa kanya kaysa magsagawa ng I'tikaf sa aking mosque sa loob ng dalawang buwan”<sup>11</sup>.**

Isang katotohanan na mula sa mga tradisyon ng Propeta Muhammad (SAW) na tunay na mas makakabuti ang tumulong sa ano mang pangangailangan ng iyong kapatid, sa kanyang mga mabibigat na problema, o kaya ay tulongan siya sa kanyang ibadah<sup>12</sup> upang mapatatag ito at ang pagsagawa nito ay may nakalaang higit na gantimpala. Sa ganitong pagkakataon ang ugnayan bilang magkakapatid ay nagiging lubhang malapit sa isa't-isa.

**Ang Kapatiran ay nagpapalakas sa pagkakaisa sa mga bagay na pangangailang materyal.** Sa isang Hadeeth, ang Propeta Muhammad (SAW) ay nagsabi:

**“Sinuman ang mag-bigay ng tulong sa isang Muslim na nasa kahirapan sa mundong ito, ay pangangalagaan ng Allah sa mga paghihirap na haharapin sa Kabilang Buhay. Ang sinoman na tumulong sa mga kapuspalad, tutulungan sila ng Allah sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Sinoman ang magtago ng lihim ng isang Muslim sa mundong ito, gagawing ng Allah (SWT) itago ang kanilang lihim sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Tutulungan ng Allah (SWT) ang Kaniyang mga alipin hanggat tumutulong sila sa kanilang mga kapatid na Muslim.”<sup>13</sup>**

Ang Hadeeth ay nagbibigay kahulugan na ang bawat Muslim ay nararapat na magtulong sa isat isa. Isang pangako sa Allah (SWT) na ang sinuman ang tumulong sa kanyang kapatid na Muslim sa kanyang mga paghihirap ay pangangalagaan siya ng

<sup>8</sup> Itinala ni Muslim

<sup>9</sup> Pananatili sa mosque na may takdang haba ng panahon upang mag-ukol ng pagsamba

<sup>10</sup> Itinala ni Al Hakim

<sup>11</sup> Itinala ni Al Hakim.

<sup>12</sup> Pagsamba

<sup>13</sup> Itinala nina Muslim, Abu Da'ud, Tirmidhi, Nasa'I at Ibn Majah

Allah (SWT) sa araw ng paghuhukom - bilang ating huling hantungan at bilang Kanyang gantimpala. Walang ibang mainam na gantimpala kundi ang gantimpala mula sa Allah (SWT).

### **Ang Kapatiran ay isang pangkalahatang tungkulin o panlipunang responsibilidad para sa lahat ng Muslim na dapat na isagawa**

Isa sa mga tungkuling ito ay tinuran ng sumusunod na Hadeeth.

**“May anim na tungkulin ang isang Muslim sa kanyang kapwa Muslim; Kung magtagpo kayo, nararapat na batiin mo siya ng Salam (kapayapaan sa iyo); sa mga paanyaya; nararapat na ito ay paunlakan; kapag ikaw ay binigyan ng payo, magbigay ka rin ng payo sa kanya; kapag siya ay bumahin at nagbigkas ng “Alhamdullilah”, (Ang Lahat ng Papuri ay sa Allah lamang); nararapat na sabihin mo, “Yarhamukallah”; kapag siya ay may sakit, nararapat na bisitahin mo siya; at kung siya ay yumao; nararapat na makipaglibing ka sa kanya at ihatid ang kanyang yumaong katawan hanggang huling hantungan.”<sup>14</sup>**

Ang mga panlipunang responsibilidad ng isang Muslim sa kanyang kapatid ay napakalaking halaga. Pinapanatili nito ang lipunan na maging matatag at malapit sa isat isa. Ang paggalang at pagmamahal sa panglipunang karapatan ng iyong kapatid ay isang matibay na palatandaan para sa isang tahimik na pamayanan.

### **Ang Kapatiran sa Islam ay nangangahulugan ng pag-kalinga, pagmamahal at pakikipatulungan ng bawat isa.**

Ang Hadeeth ng Propeta Muhammad (SAW) ay nag-ulat:

**“Huwag putulin ang pakikipag-kaibigan, huwag talikuran ang bawat isa, huwag masuklam sa bawat isa, at huwag ma-inggit sa isat-isa. Bilang mga alipin panatilihin ang kapatiran. Ang dalawang Muslim ay hindi nararapat na manatiling tahimik at hindi nag-uusap sa isat isa na lalampas sa tatlong araw”<sup>15</sup>**

Sa Hadeeth na ito napapaloob kung ano ang dapat gawin ng isang kapatid na Muslim upang bigyan ng pagmamahal at pangangalaga ang kanyang kapatid na Muslim. Malinaw na sinasabi na huwag nating pababayaang maputol ang ating ugnayan sa ating mga kapatid. Magtatag ng isang mabuting kapatiran at pagmamahalan sa isat isa. Hindi kapaki-kapakinabang na manatiling tahimik ang dalawang Muslim sa loob ng tatlong araw. Itinalaga na nararapat na mag-usap ang dalawang panig bago matapos ang itinakdang oras na hindi lalapas sa tatlong araw. Sa ganitong pagkakataon ang sino man maunang magbigay ng pagbati ng Salam, ay siyang binibigyan ng higit na malaking gantimpala. Sumagot man o hindi ang binati, nagkaroon ng gantimpala ang naunang bumati at nagkasala ang hindi nagbigay ng tugon.

Panatilihin natin ang mabuting relasyon sa ating mga kapatid na Muslim, ang isang matamis na ngiti o mag-alok ng tubig sa iyong kapatid ay maituturing na isang malaking pakinabang at gantimpala para sa iyo. Sa isang Hadeeth ng Propeta Muhammad (SAW) siya ay nagturan:

**“Lahat ng mabuting gawa ay isang kawanggawa at katotohanan ang kawanggawa ay ang pakikipagtipan sa iyong kapatid na may matamis na ngiti at pagpupuno ng tubig sa kanyang baso”<sup>16</sup>.**

---

<sup>14</sup> Itinala ni Muslim

<sup>15</sup> Itinala nina Malik, Bukhari, Abu Da'ud, Tirmidhi, and Nasa'i.

<sup>16</sup> Itinala ni Tirmidhi

Hinihikayat ng Propeta na lahat ng Muslim ay dapat na magpalitan ng mga regalo upang ang pagmamahalan ay yumabong at anomang pagkamuhi ay mapawi<sup>17</sup>. Sa ganitong pamamaraan ng pagpapalitan ng mga regalo ay pagpapakita ng simpatiya at pagmamahal sa isat isa bilang magkakapatid sa pananalampalataya.

**Ang Kapatiran ay nagtuturo ng pagiging matapat at dalisay.** Sa isang Hadeeth ng Propeta Muhammad (SAW) siya ay nagsabi:

**“Ang sino mang mag-tanggol sa karangalan ng kanyang kapwa kapatid na Muslim, ilalayo ng Allah (SWT) Ang Higit na Makapangyarihan, ang impiyerno sa kanyang harapan (mukha) sa Kabilang Buhay.”<sup>18</sup>**

Bilang mga kapatid at isang Muslim nararapat na lagi nating hangarin kung ano ang higit na makakabuti para sa ating mga kapatid. Ang pagtatanggol sa ating kapatid sa lahat ng oras ay may kaukulang gantimpala mula sa Allah (SWT) tulad ng binanggit sa Hadeeth. Pangalagaan natin ang karangalan ng ating sariling kapatid bilang pangangalaga na din sa karangalan at kapakanan ng ating Islamikong lipunan o Ummah<sup>19</sup>. Pangalagaan mula sa panlabas na puwersa na nagbibigay ng mga masasamang halimbawa na nagliligaw sa atin sa tamang landas. Ating pagtakpan ang pagkakamali ng ating kapatid at tulungan na muling mapanumbalik ang kanilang paniniwala at kahalagahang moral. Sa isang Hadeeth ay nabanggit ang ganito:

**Iniulat ni Anas bin Malik (RAA): Ang Sugo ng Allah ay nagsabi, “Tulungan mo ang iyong kapatid, kahit na siya ay nang-aapi o inaapi.” Ang mga tao ay nagtanong, “Oh Sugo ng Allah! Malinaw sa amin na tulungan naming ang isang naapi, subalit papaano namin tutulungan ang isang nang-aapi?” Ang Propeta (SAW) ay nagsabi, “Sa pamamagitan ng pagpigil sa kanya na mang-api ng kapuwa” (3:624:O.B)<sup>20</sup>**

Malinaw na binanggit ng Propeta Muhammad (SAW) na mahalín at suportahan ang ating kapatid kapag siya ay inaapi o gumagawa ng pang-aapi. Ang pag-pigil sa kapatid na Muslim na makagawa ng pang-aapi sa ibang tao ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal. Ang iyong pangangalaga na ilayo siya sa parusa ng impiyerno. Sinuman ang magpabaya at hindi binigyang pansin ang kanyang kapatid na gumagawa ng pang-aapi ay hindi matatawag na tunay na kapatid. Ang mahalín ang isang kapatid ay pangalagaan siya, ipagtanggol, at suportahan, ipagkaloob ang lahat ng tulong upang mapangalagaan ang kanyang karangalan. Ang pagtatanggol at pag-suporta sa isang kapatid na Muslim na isang mang-aapi ay sa pamamagitan ng pagtutuwid sa kanyang mga kamalian at hindi ang pagsang-ayon o pagsama sa kanya sa pang-aapi sa iba. Hindi nararapat na ibunyag sa buong pamayanan na ang isang kapatid ay gumagawa ng kasalanan, hanggat maari ay gawing natin ang ating makakaya na pagtakpan ang kanyang mga karupukan, maliban sa mga pagkakataon na ang pagbibigay ng babala sa ating mga kapatid ay kinakailangan upang maiwasan pa ang higit na pinsala na kanyang magagawa kung ang lahat ay sukduhan na. Tulungan siya na hangga’t maari ay itago ang kanyang pagkakamali, ating tatandaan na ang bawat kapatid ay salamin ng ating sarili. Sa pamamagitan ng pag-tatago ng kaniyang mga pagkakamali, maari siyang magbago, at ang sa kanyang pagbabago madali niyang maibabangon at maisasalba ang kanyang karangalan na nadumihan sa mga nakaraan niyang masamang pag-uugali. Kung ang kanyang mga pagkakamali ay lingid sa kaalaman ng iba, madali niya itong maitutuwid. Sa kabilang dako, kung ang lahat sa lipunan at hantad at alam ang kanyang

---

<sup>17</sup> Bukhari at Muslim

<sup>18</sup> Itinala ni Tirmidhi

<sup>19</sup> Lipunan, Pamunuan

<sup>20</sup> Saheeh Bukhari



mga kasamaan at sa kabila nito ay nagbago siya, magiging mahirap para sa kanya na harapin ang mga puna o kalagayan upang maipanumbalik niya ang tiwala ng lipunan na naghusga sa kanya sa kanyang mga nakaraang nagawa. Ang pagtatanggol at pagtatakip sa mga pagkakamali ng ating kapatid na Muslim ay may malaking gantimpala mula sa Allah (SWT), tulad ng Kanyang pangako, ilalayo Niya ang impiyerno sa ating harapan.

Upang mapigilan ang isang kapatid na makagawa ng pang-aapi, binanggit ng Propeta Muhammad (SAW) sa isang Hadeeth na kung ang kapatid na Muslim ay nakagawa ng ganitong katiwalian, sikapin na pigilan siya sa pamamagitan ng dila, tulad ng pagbibigay ng payo at banggitin kung ano ang magiging bunga o kabayaran na nag-hihintay sa isang mang-aapi sa Araw ng Paghuhukom, ang pangalawa ay sa pamamagitan ng mga kamay o paggamit ng lakas na maipapaubaya sa mga awtoridad upang pigilan siya na gumawa ng bagay na masam, at ang huli ay tulad ng sinabi ng Propeta Muhammad (SAW) na pinakamahinang Imaan<sup>21</sup> (pananalampalataya) ay sa pamamagitan ng puso o pagsasagawa ng mga du'aa<sup>22</sup> sa Allah (SWT) na tulungan siya na mapagtanto niya ang kanyang malaking pagkakamali.

Sinabi ng Propeta (SAW) ang ganito:

**“Ang panalangin ng isang Muslim sa kanyang kapatid na Muslim na lingid sa kanyang kaalaman at maituturing na tanggap na panalangin at gagantimpalaan ng mga nakatalagang Anghel sa kaniyang paligid. Sa bawat panalangin niya para sa kanyang kapatid, ang Anghel ay magsasabi: “ Amen, at ganon din sa iyo”.**<sup>23</sup>

Mag-ukol tayo ng mga panalangin (du'aa) para sa ating mga kapatid, lingid man sa kanila o hindi, kilala man natin o hindi, ang ganitong du'aa ay itinuturing na tanggap, ang biyaya ng du'aa sa ating kapatid ay hindi lamang para sa kanya, ito man ay ipinagkakaloob sa taong nag-alay ng du'aa, tinanggap man o hindi ay may nakalaan din na malaking gantimpala para sa kanya.

Tayo ay isang pamayanan at nararapat na magkapit kapit sa isat isa upang maging isang tunay na pamayanang Islamiko sa pamamagitan ng matatag at solidong kapatiran para sa kaluguran ng Allah (SWT). Magkabuklod buklod tayo nang may pagkakaunawaan. Sa Sura Al Anbiya talata 92, ang Allah (SWT) ay nagbanggit::

**“Katotohanan, ang Ummah na ito ay isang Ummah, at Ako ang inyong Panginoon; ang inyong Tagapangalaga; kayat nararapat na Ako ay inyong sambahin (at wala nang iba pa)”.**

Ang talata na ito ay tumutukoy sa pamayanan ng mga Muslim, isang matatag na pamayanan na binuklod ng dahil sa pagmamahal sa Allah. Isang pamayanan na may iisang pananalampalataya at kaisahan na maging malapit sa Allah (SWT). Muli sa Sura al Muminum talata 52 - 54 muling binanggit ang sumusunod:

**“At katotohanan ang Ummah na ito, ang inyong Ummah ay iisang Ummah, at Ako ang inyong Panginoon at Tagapangalaga; kayat matakot kayo sa Akin (at wala nang iba pa). Subalit ang tao ang nagputol ng kanilang ugnayan (ng pagkakaisa); sa isat isa sa maraming sekta; at nagsasaya sa kanilang sariling pang-unawa. Pansamantala’y iwan sila sa kanilang hilong kamangmangan.”**

Ang Allah (SWT) ay paulit ulit na binanggit ang tungkol sa pagkakaisa ng kapatiran bilang isang pamayanan, subalit ang tao ng dahil sa kanilang kamangmangan sa

---

<sup>21</sup> Paniniwala sa Kaisahan ng Allah

<sup>22</sup> Paghingi sa Allah (SWT); panalangin

<sup>23</sup> Itinala ni Muslim

katotohanan ay hinati ang kanilang mga sarili sa ibat ibang sekta o grupo. Hindi kaayaaya sa Allah (SWT) ang pagkakahatihati at kaguluhan at ipapakita ng Allah (SWT) sa kabilang buhay kung saan tayo nagkaiba-iba.

## **KAPATIRAN NOONG PANAHOON NG KAMANGMANGAN ( JAHILIYA<sup>24</sup>)**

Noong panahon ng jahiliya o bago pa ipinakilala ang Islam, ang tao ay mangmang sa tunay na kapatiran. Ang kapatiran noon panahong yaon ay nakasalalay sa pagiging magkamag-anak o kasunduan ng mga tribo sa isat isa at hindi nang dahil sa paniniwala. Ito ang panahon ng kamangmangan, paganismo, kung saan ang paghihiganti at mga pag-abuso ay pangkaraniwang lamang sa bawat mga tribo. Patunay dito ay ang kilalang digmaan na naganap noon, ang digmaan ng Dahis at Ghabra na tumagal ng 40 taon. Ang lahat ay nag-umpisa ng dahil sa isang tao na pumatay sa tao sa isang kabilang na tribo. Kasunod nito, ang mga ka-anak ay nakilahok sa alitan at di nagtagal ang buong angkang at tribong kinabibilangan ay umanib na nagpalala pa lalo sa sitwasyon na humantong sa higit na madugong alitan. Ang kanilang malalim na katapatan sa kanilang pamilya at respeto sa angkang o tribo ay isa sa kanilang pinakamalakas na damdaming emosyonal sa panahong yaon. Ang pagkakaisa sa dugo ay kanilang prinsipyo at buklod na panglipunan na siyang pinairal ng bawat tribo. Ang kanilang sawikain **“Tulungan ang kapatid maging siya man ay mang-aapi o nang-aapi”**, ito ay nangangahulugan na ang sinasabing tulong o suporta ay walang limitasyon, sa ano mang pagkakataon - mali man siya o tama. Ito ay tuwirang paglabag sa batas ng Islam na ang pagtulong sa nang-aaping kapatid ay ang pigilan siya sa pag-gawa ng kasamaan.

Ang pagiging gahaman sa kapangyarihan at pamumuno ay nagbubunga ng walang patumanggang digmaan sa bawat tribo tulad halimbawa ng patuloy na madugong digmaan na naganap sa pagitan ng tribo ng Aws at Khazraj; ‘Abs at Dhubyān, Bakr and Taghlib.<sup>25</sup> Ang kapatiran noong panahong iyon ay marupok at ang ugnayan ng bawat tribo ay patuloy pang pinahihina ng mga sunod sunod na mga digmaan at sagupaan. Ito ang uri ng kapatiran na kanilang ipinakitang sa panahong iyon, ang pagsuporta sa isat isa sa paghihiganti, mali man siya o tama. Ang ganitong kalagayan ng mga tribo ay nagbigay din panganib sa mga kalapit na grupo, ito ang panahon ng pangamba at walang kaligtasang pamumuhay. Ang kaligtasan ng mga tao noong panahong iyon ay nakasalalay sa kapangyarihan at pakikipag-ugnayan sa isang malakas na tribo.

**Samantala, sa** Islam ganito ang sinasabi sa isang Hadeeth:

**“Ang isang Muslim ay iyong ligtas mula sa bibig at kamay (pananakit) ng kapwa Muslim”<sup>26</sup>**

Dahil sa pagiging hari ng tribo at karangalan, ang tao noon ay ipinagyayabang ang kanilang mga kinabibilang tribo o kamag-anak na kabilang sa mga kilalang angkang o lahi. Ang kapatiran noon ay pinahalalagan lamang sa klase ng lahi o angkang:

Isang Hadeeth Qudsi ang nagsabi:

**Iniulat ni Ubai bin Ka’b (RAA): Sa panahon ng Sugo ng Allah (SAW), dalawa ang ipinagmalaki ang lahi ng kanilang pamilya. Ang isa sa kanila ay nagbanggit: Ako**

---

<sup>24</sup> Panahon ng Kamangmangan

<sup>25</sup> Ar Rahiq Al maktum p. 45

<sup>26</sup> Sahih Al Bukhari, 1/6

**ay anak ni ganon na anak ni ganon at ni ganon, subalit sino ka? Wala kang Ina?” Dagdag pa ng Sugo ng Allah (SAW): Sa panahon naman ni Musa (AS) dalawang lalaki ang nagpakilala ng kanilang lahi: Ang isa sa kanila ay nagsabi ng ganito: Ako ay anak ni ganon na anak ni ganon at ganon hanggang umabot siya ng siyam na bilang. At sino ka? Wala kang Ina. Ang pangalawa ay nagsabi: Ako ay anak ni ganon at ni ganon na anak ng Islam. Ang Propeta (SAW) ay nagsabi ng ganito: Ipinahayag ng Allah (SWT) kay Musa (AS) na magpakilala siya ng tulad nito. At para sa iyo na nagpakilala ng lahi hanggang siyam, lahat sila ay sa impiyerno at ikaw ang ika-sampu. At para sa iyo na nagpakilala ng dalawa (at sa Islam), sila ay nasa paraiso at ikaw ang ikatlo.”<sup>27</sup>**

Natala sa pamamagitan ng kapahayagan na ang unang kataksilan sa kapatiran ay nagawa ng mga Anak ni Adan. Si Cain, bilang pinakamatanda at si Abel bilang pinakabata ay mga anak ni Adan. Sila ay magkapatid subalit ng dahil sa kapusukan at inggit na natanim sa puso ni Cain, nagawa niya ang unang krimen sa kasaysayan ng buong sangkatauhan.

**“Ang sakim na pag-iisip ng isa; ang nagtulak sa kanya na patayin ang kanyang kapatid; Pinatay niya ito, at siya, na nakasama ng mga naligaw”. (Surah 5:30)**

### **KAPATIRAN SA PANAHOON NG PROPETA MUHAMMAD (SAW)**

Nang ipinag-utos ang Allah (SWT) kay Propeta Muhammad (SAW) na ipahayag na ang Islam ang tanging pamantayan ng buhay, ang mga parusa at pahirap ay nalasap ng mga kasamahan ng Propeta at maging ang Propeta mismo. Subalit ng dahil sa kanilang pagkakaisa at paniniwala sa Nag-iisang Tunay na Dios, maluwag nilang tinanggap ang mga pasakit at pahirap na ibinigay sa kanila. Ang walang kahalintulad na pagpapakita ng ganitong klase ng kapatiran ng mga Muslim noong panahon ng Propeta ay isa sa pinakamagandang halimbawa ng tunay na kapatiran.

Isa sa mga pinakamahalaga at walang kapantay na pangyayari na naganap sa ibabaw ng lupa tungkol sa kapatiran ay noong matapos na lumikas (Hijra<sup>28</sup>) ang Propeta Muhammad (SAW) sa Madina<sup>29</sup>. Nagtalaga ang Propeta sa bawat Mujahirin<sup>30</sup> ng kapatid mula sa mga Ansars<sup>31</sup> ng Madina. Ang Propeta (SAW) kasama ang 90 katao, kalahati ay mula sa mga Mujahirin at ang iba ay ang mga Ansars ay nagpulong sa bahay ni Anas bin Malik, na kung saan pormal na binasbasan ng Propeta (SAW) ang tunay na init ng kapatiran. Sa kaso ng dawalang tao na kung saan ay ginawang magkapatid, at kung ang isa ay masawing palad, ang kanyang ari-arian ay mamanahin ng kanyang kapatid sa pananalampalataya. Ito ay nagpatuloy hanggang sa ipahayag ang isang talata sa Banal na Quran noong panahon ng Digmaan sa Badr.

**“Subalit ang magkadugo ay mas malapit sa isat isa sa usapin tungkol sa mana” (Surah 8:75)**

Binigyan diin ng Propeta (SAW) na ang kapatiran ay isang makabuluhang kasunduan, at hindi isang walang kahulugan salita lamang kungdi isang makabuluhang pagsasagawa na nag-uugnay sa dugo at kayamanan. Ang halaga ng kapatiran at damdamin sa samahan ay lumikha ng isang masiglang kapatiran at tapat na unawaan na malalim na tumagos sa puso ng kanyang mga tagasunod at buong puso naman tinangkilik ng mga taga Madina (Ansars). Mahalagang banggitin na si Sa’d bin Ar-Rabi, isang taga Madina,

<sup>27</sup> Iniulat sa Musnad Ahmad at itinuturing na ang pinanggalingan ay tanggap.

<sup>28</sup> Mula Mekka papuntang Madina

<sup>29</sup> Pinanggalingan: Ar Rahiq Al Maktum, pahina 188

<sup>30</sup> Mga lumikas galing ng Mekka

<sup>31</sup> Mga maninirahan ng Madina

ang nagsabi ng ganito sa kanyang kapatid na 'Abdur Rahman bin 'Awf taga Mekka, “**Ako ang pinakamayamang tao mula sa mga Ansars. Ako ay natutuwa na ibahagi ko ang kalahati ng aking kayamanan sa iyo. May dalawa akong asawa, handa kong hiwalayan ang isa at kapag natapos na siya sa kanyang Iddah<sup>32</sup>, maari mo siyang pakasalan.**” Samantala si Abdur Rahman bin Awf ay hindi handa sa ganitong napakagandang pagkakataon, pinasalamatan niya ang kanyang bagong kapatid, at hiniling na dalhin na lamang siya sa pamilihing bayan upang hanapin niya ang kanyang sariling kapalaran, nangyari nga at siya ay nanagana at nag-asawa mula sa kanyang sariling sikap. Dagdag pa dito, nilapitan pa ng mga Ansars ang Propeta (SAW) at hiniling na ang kanilang mga bukirin ng palmera ay ibahagi ng pantay pantay sa mga bago nilang kapatid mula sa Makka. Ang Hadeeth ay nagturan ng ganito:

**“Ang Muslim ay kapatid ng Muslim; hindi siya dapat mang-api o mang-abuso. Sinoman na pumawi ng pahirap sa isang naniniwala dito sa lupa, papawiin din ng Allah ang isa sa mga pahirap sa kanya sa Araw ng Paghuhukom. Sinoman ang magsanggalang sa isang Muslim, ipagsasanggalang din siya ng Allah (SWT) sa Araw ng Paghuhukom.<sup>33</sup>**

Ang kapatiran noong panahon ng Propeta ay mainam na ipinakita ng mga kasamahan ng Propeta Muhammad (SAW) tulad ng mga pangyayari sa digmaan, ang tagumpay ng Badr na itinuring na isa sa pinakamakabuluhang kaganapan na nagbigay hudyat sa pagkalat ng Islam sa buong kapuluan ng Arabya. Buong giting at tapang na kanilang ipinakita ang pagkakaisa ng Kapatirang Muslim na nagbigay daan upang magapi ang mga mandirigmang taga Makka. Ang digmaang ito ang nagpatunay na ang kapatid sa pananalampalataya ay higit ang karapatan kaysa sa kapatid sa dugo. Isinalarawan ng Digmaang ito ang labanan ng magkamag-anak. Karamihan sa mga mandirigma ng Makka ay mga kamag-anak ng mismong mga mandirigma ng Propeta, hindi ito naging dahilan upang mapigilan ang mga kasamahan ng propeta na makihamok sa kanilang mga kamag-anak, pinsan, o mga Ama na nakilahok sa digmaan. Ito ang naging daan, ng dahil sa pambihirang pagpapakita kapatiran, pagkakaisa at paniniwala sa nag-iisang Allah, ang mga kaaway ng Islam ay yumakap at naging kabahagi ng walang kapantay na samahan at kapatiran ng mga Muslim.

## **KAPATIRAN SA MAKABAGONG PANAHOON**

Isang libo apat na raan at labinwalong taon (1418) na ang nakakaraan matapos isilang ang Islam, ang mundo ay matulin na nagkaroon ng pagbabago sa isang bagong kabihasan at kaunlaran. Mga makabagong teknolohiya at pambihirang mga makinarya na ngayon ay nagdadagsaan sa mga lokal na pamilihan tulad ng computer, mga makabagong komunikasyon, transportasyon, atbp. Hinahalukay at ginalugad ng tao ang kalawakan, mga makabagong imbensyon ay laganap. Natututunan ng tao ang mga bagay na dati rati ay hindi nila maubos maisip. Ang pagbabago mula sa luma hanggang sa modernong mga bagay ay nagkaroon ng malaking epekto sa pamumuhay ng tao. Bunsod ng ganitong pagkakataon, naging isang dahilan na ang kapatiran ay unti unti inaanyay at anomang sandali ay maaring gumuho ng dahil sa ilang mga puwersa o elemento na walang pagpapahalaga at mangmang sa tunay na kahulugan ng kapatiran. Nakakamangha na ang dating iisang kapuluan na minsan ay pinamunuan ng iisang Calipha<sup>34</sup> 1418 taon na ang nakakaraan, ang pagkakahati ng mga Muslim ay unti-

<sup>32</sup> itinakdang panahon sa isang babaeng diborsyado na manatili sa kanyang bahay ng walang asawa

<sup>33</sup> Sahih Al-Bukhari, Sahih Muslim

<sup>34</sup> Pinuno

unting dumadami. Ang mga labanan sa pagitan ng magkakapatid ay ating nasasaksihan, tulad ng Afghanistan na minsan nang sinakop ng mga Russo, at ng dahil sa prinsipyo ng kapatiran nagawa nilang itaboy ang mga mananakop. Subalit sa pagsisimula ng kanilang panibagong sistema, ang mga di pagkakaunawaan ay namayani na nauwi sa isa pang pangkalahatang digmaang sibil sa loob ng kanilang kasarinlan. Ang digmaan ng Iran-Iraq na inabot ding ng maraming taon bago pansamantalang nahinto, ang maikling pananakop ng Iraq sa kalapit bansa ng Kuwait, ang digmaan sa Bosnia-Herzegovina, ito ay ang ilang mga tanda ng kamangmangan sa tunay na kapatiran. Malinaw na ang mga tao sa paglipas ng mga panahon ay nakaligtaan ang tunay na kahalagahan ng kapatiran. Ang ganitong nakakalungkot na mga elemento sa ngayon ay tuwirang winawasak ang tunay na pundasyon ng kapatiran. Ang makabagong panahon ay nagturo kung papaano magiging isang maunlad at sibilisado at mamuhay ng may katiwasayan subalit nakalimutan at di binigyan pansin ang katotohanan na ang sibilisado at matiwasay na pamumuhay ay matatagpuan lamang sa tunay na kapatiran na siyang itinuturo ng Islam. Ang mga makabagong kagamitan ay nagsilbing isang mapanirang puwersa sa halip na maging kaagapay sa mabuting kapakinabangan. Ang mga kaaway ng Islam ay nagsasaya sa ganitong napakasawimpalad na pangyayari sa ngayon, katotohanan ang Propeta (SAW) ay nagsabi sa isang Hadeeth:

“Darating ang oras na ang mga Muslim ay parang nasa isang plato,” Isa sa kanila ang nagtanong, “...dahil ba sa tayo ay kakaunti at nasa isang plato lamang?” Sumagot ang Propeta (SAW), “marami tayo, subalit kokonti ang matatag (may pananalampalataya).

Ang Hadeeth na ito ay isang babala sa lahat ng mga Muslim na kinakailangang maging matatag at magkaisa, ang panganib ay maaring ihalintulad sa isang gusali na walang matatag na haligi o pundasyon na maaring gumuho ano mang oras. Nagkalat sa ibang panig ng mundo ang mga Muslim subalit nakakalungkot na kakaunti ang masasabing tunay na mga Muslim. Bilang Muslim isang tungkulin ang pagpapalaganap (da'waa), kung lahat ng mga Muslim sa buong mundo ay gising ang damdamin sa ganitong tungkulin at makikilahok sa malawakang pagpapalaganap ng tunay na relihiyon, darating ang araw na ang nagkakaisang kapatiran ay mamamayani sa buong kalupaan.

Ang kahulugan ng kapatiran ay ipinakita ng Propeta Muhammad (SAW) sa maraming pagkakataon hindi lamang sa ispiritual na kagalingan kungdi maging sa materyal na mga bagay. Tulad halimbawa na kung ang Propeta Muhammad (SAW) ay may nakatagong pera o dinar na nasa kanyang bulsa, siya ay nahihirapang makatulog ng dahil lamang sa paghahanap ng taong kanyang pagbibigyan. At namatay ang Propeta nang wala siyang naiwan na materyal na yaman. Sa panahon ngayon na nakakalungkot isipin na kung minsan ang kayamanan na hawak ng isang tao ang siya pang nagtutulak sa kanya na labagin ang kapatiran. Maraming mga kapatid na kapos sa yaman ang higit na nangangailangan ng tulong. Isa sa mga kahalagahan ng pagtulong sa isat isa ay malinaw na binanggit sa sumusunod na Hadeeth:

**Isang lalaki ang nagtanong sa Sugo ng Allah (SAW) kung anong gawain ang pinakamataas sa Islam. Ang Propeta (SAW) ay sumagot: “...na magpalabi ka ng pagkain at batiin ang mga kakilala at hindi kakilala.”<sup>35</sup>**

Sa isang katulad na Hadeeth ganito naman ang sinasabi:

---

<sup>35</sup> Sahih al-Bukhari

**Si Abdullah bin Salam ay nagsabi: Nang ang Propeta (SAW) ay dumating sa Madina, pinuntahan ko siya upang makita, at agad ay nakilala ko siya sa pamamagitan ng kanyang kaanyuan na malayo sa kanya ang maging sinungaling. Ang unang bagay na sinabi ng Propeta (SAW) ay ganito: “Magbigay kayo ng payapang pagbati sa isat isa, magpalabi ng pagkain sa mga nangangailangan, panatilihin ang pagkakabuklod buklod, mag-alay ng mga panalangin sa gabi habang ang mga tao ay natutulog, upang kayo ay makapasok sa hardin (paraiso).”<sup>36</sup>**

Nakakalungkot isipin na ang mga tradisyon ng Propeta (SAW) ay bihira nang maisagawa ng mga tao sa kasalukuyang panahon. Ang kanilang pagmamahal sa karangyaan at kapangyarihan ay nagtutulak ipang isangtabi ang tinatawag na kapatiran.

## **KAPATIRANG - PANGKALAHATANG SAMAHAN**

Walang sino man makapag-kakaila na ang batas na ibinigay ng Islam sa lahat ng tao dito sa mundo ay upang magkaisa sa isat isa. Ganon din naman, Ang Allah (SWT) ay lumikha ng ibat ibang uri ng tao hindi upang mag-away, kungdi upang magkakila-kilala sa isat isa. Nangangahulugan na ang tao ay magkakaiba-iba, subalit ang lahat ay inuutusan na dapat sumamba sa nag-iisang Tunay na Dios - ang Allah.

Lahat ng tao ay nagmula sa iisang magulang. Lahat ng tao ay kabilang kay Adan na nilikha ng Allah (SWT) mula sa alabok. Walang tao na higit sa kapwa niya tao ng dahil sa kanyang kulay, lahi, angkan o yaman ayon sa Islam. Ang tanging batayan ng pagiging higit sa lahat ay ang pagiging dalisay - ang pagkatakot sa Allah (SWT) ay pinakamainam kaysa sa taong lapastangan at walang pagpapahalaga sa Lumikha.

Sa isang Islamikong pamayanan o bansa ang “racial discrimination” ay hindi isang isyu o problema. Binigyan ng solusyon sa Islam ang matagal nang problemang ito na dinaranas sa mga ibat ibang bansang pamayanan. Ang mga Muslim ay may pangkalahatang pag-kakaisa, tulad ng paggamit nila ng isang lenguwage sa pagdarasal - Arabik. Responsibilidad ng bawat Muslim na pag-aralan at magbasa ng salitang Arabik, upang mabasa at maintindihan ang Banal na Qur’an. Ang ganitong uri ng pagkakaisa ay isang hakbang tungo sa pangkalahatang kapatiran at pagkakaunawaan. Higit pa dito binibigyan ng diin ng Islam ang kaisahan ng Allah (SWT) at kaisahan ng sangkatauhan. Kung iisa ang ating sinasamba lahat tayo ay nagkakaisang magkakapatid. Iisa ang ating Panginoon, iisa ang ating pinanggalingan - kay Adam, at iisa ang ating wakas. Ang ganitong pambihirang katangian na napapaloob sa katuruan Islam ay pagpapakilala ng pagkakabuklod buklod ng lahat ng nilalang.

Ang ganitong uri ng pagkakaisa ay napakahalaga ng dahil sa isang dahilan - ito ay pagpapakita ng pagkapantay-pantay at kapatiran. Ang kawalan ng ganitong pambihirang pagkakaisa ay kadalasan tulad ng natala sa kasaysayan, ay nagbubunsod sa mga di pagkakaunawaan at digmaan. Ang pagkakaisa ay isang pinakamainam na garantiya ng kapayapaan.

---

<sup>36</sup> Iniulat ni At-Tirmidhi, Mishkat Al-Masabih, 1.168

## **URI NG ISLAMIKONG KAPATIRAN SA PILIPINAS**

### **Ang Kasaysayan ng Pilipinas**

Hindi lingid sa mga dalubhasa sa kasaysayan na ang Pilipinas ay dating isang pamayanang Muslim. Pinamunuan ng mga Datu at mga Sultan na nanggaling sa mga kalapit na bansa. Ang Islam ay ipinakilala ng ibat ibang mangangalakal na Muslim, isa sa kanila ay si Tuhan Maqbalu na namatay at inilibing noon taong 1310 AD. Nagkaroon ng kaganapan ang katuruan ng Islam ng si Sayyed Abubakar, isang maalam na Arabong Muslim ay dumating mula sa Malacca taong 1450. Siya ay kilala na isang Arabo mula sa Hadramaut na nagpakilala na galing sa angkan ng Propeta Muhammad (SAW). Nanirahan at nagpakasal sa anak ng isang Datu, at di nagtagal ay nahirang na unang Sultan ng Jolo. Sa panahon ng kanyang pamumuno, itinayo ang mga Islamikong eskuwelahan (madrasa). Namatay siya noong taong 1480. Bago matapos ang ikalabing apat na siglo, dumagsa ang mga taga Sumatra at taga Borneo na siyang nagtatatag ng Islamikong pamunuan sa ibat ibang parte ng Pilipinas. Ang pagkakatatag ng Islamikong pamunuan ay nagpalakas sa kapatiran ng mga lokal na mamayanan. Ito ay pinatunayan sa kasaysayan ng panahon na maraming mga mananakop ang nagtangka na sakupin ang mga pamayanang Muslim lalo na ang mga maninirahan ng Mindanao, subalit sila ay nabigo. Buong giting at tapang na sila ay nakipaglaban, ang Banal na Qur'an ay nagsabi:

**“at makihamok ayon sa Batas ng Allah sa mga nakikihamok sa inyo, subalit huwag lalabis sa itinakda. Katotohanan, kasuklam suklam sa Allah ang mga taong lapastangan.” (Surah Al Baqara (2):190)**

Ito ang kapatirang ipinamalas ng mga Pilipinong Muslim na buong tapang na nakihamok sa mga mananakop na layuning wasakin ang Islam. Ang kanilang pananalampalataya at malalim na paniniwala sa kahalagahan ang kapatiran ay naging isang moog o isang matibay na pundasyon na kailanman ay hindi nagawang sansalain ng mga dayuhang mananakop.

### **Ang Makabagong Panahon at Islamikong Kaunlaran**

Ang nakaraang kasaysayan ng Pilipinas ay nagsalarawan na minsan ang islang ito ay iisang pamayanan - pagpapakilala ng tunay na imahen ng kapatiran. Subalit nang dahil sa mga pagbabagong naganap ang kapatirang ito ay gumuho. Sa paglaganap ng maraming Muslim lalo na ang mga Pilipino na nagsasadya sa Saudi Arabia, dumarami ang bilang ng mga Kristyano o hindi Muslim na nagigising sa katotohanan at nag-babalik sa kanilang dating relihiyon - ang Islam. Sa pagbabagong ito, naunawaan at nakilala ng mga Pilipino ang mga maninirahan ng mga taga katimugang bahagi ng Pilipinas - ang Mindanao. Kasunod nito ang mga dating Kristyano na nag-balik sa tamang pananampalatayang Islam na nalaman ang tunay na kasaysayan ay nakiisa at naunawaan ang tunay na ipinaglalaman ng mga kapatid na Muslim sa Mindanao na matagal na panahong binalewala. Laganap ang maling pag-aakala sa mga taga Mindanao ng mga karatig na kapuluan - Luzon at Visayas, tinaguriang silang mga mamumugot ng ulo, mga kriminal, mga terorista at iba pang mga pag-alipusta sa mga Muslim at katuruan ng Islam. Tumaas at kumapal ang pader na nakapagitan sa mga Muslim at Kristyano sa mahabang panahon. Sa pagbabagong naganap, ang mga bagong balik-Islam na mga taga Luzon at Visayas na sa kagustuhan mawasak ang pader na nakapagitan sa magkabilang panig, ay naging tulay upang maipamahagi ay makapagbigay ng tamang kaalaman hinggil sa mga katutubong Muslim ng Mindanao.



Ang kawalan ng kaalaman ng mga Pilipinong hindi Muslim na nag-akay sa kanila na mamuhi sa mga Muslim ay unti unting nauunawaan at napapawi ang kanilang kinagisnang pag-aakala sa mga pag-uugali ng mga Muslim at ang katuruan ng Islam. Unti unti ang mga Muslim sa Mindanao ay nakikilala at ang lumalaking lipunan ng mga Muslim ay lumalaganap hindi lamang sa Mindanao kundi maging sa Luzon at Visayas. Ang pagkakatatag ng iba't ibang tanggapan tungkol sa pagpapalagap ng katuruan Islam lalo na sa Maynila ay nagkaroon ng kaganapan. Ang pagbibigay ng kaalaman sa mga hindi Muslim ay lumaganap sa buong kapuluan sa pamamagitan ng mga tanggapang ito. Nagkaroon din ng pagkakataon ang ilang samahang islamiko na makapasok sa industriya ng media sa pamamagitan ng radyo at television at makapagbigay ng impormasyon sa himpapawid. Dagdag pa dito ang ilang matitiyagang mga da'ee<sup>37</sup> ay nagsasagawa ng mga panayam sa mga ibat ibang lugar upang maipalaganap ang katuruan ng Islam. Ito ay isang tanda na ang Islamikong kapatiran ay malapit nang dumating sa Pilipinas, at Insha-Allah, ang kapuluang ito na dating iisang Ummah ay magkakaroon ng kaganapan sa tunay na katotohanan, ang pader na nakapagitan ay guguho at mamayani ang katotohanan. Ang Banal na Qur'an ay nagsabi:

**“At ipahayag: “Ang Katotohanan (Kaisahan, Qur'an, Jihad laban sa mga suwail) ay dumating na at ang Batil<sup>38</sup> ay mawawala. Katotohanan ang Batil ay nakatakdang mawala.” (Surah 17:81)**

---

<sup>37</sup> Tagapagpalaganap

<sup>38</sup> Kasinungalingan ( i.e. Satanas or pagtatambal)



## **PANGKALAHATANG PANANAW**

Walang ibang pamamaraan na higit na epektibo sa pagbalangkas ng isang sistemang kapatiran kungdi ang tanging pamamaraan na ipinagkaloob ng Allah (SWT). Ang tao sa paghahangad na magkaroong ng seguridad ay patuloy na nagtatatag ng mga samahan o organisasyon na bumabalangkas ng ibat ibang pamamaraang kapatirang ayon sa kanilang sariling panananaw.

Kadalasan ang maling pagbibigay ng kahulugan sa salitang kapatiran ay humahantong sa kapahamakan. Tulad ng mga pangyayaring nagaganap sa mga Paaralang may mga sahamang tatag ng mga mag-aaral. Ang kapatiran sa Islam ay hindi nangangailangan ng mga tinatawag na pagpaparusa o “hazing” na kalimitan ay matatagpuan sa mga Unibersidad na lalong kilala sa tawag na “fraternity”. Upang mapabilang sa ganitong uri ng samahan, nangangailangan ito ng mga pagsubok na pisikal at pag-iisip na pagpapahirap. At kadalasan ay humahantong sa isang hindi inaasahang kaganapan - **kamatayan** ng umaanib na kasapi. Ang kapatirang pinagbubuklod ng ganitong klase ng pagsubok ay humahantong lamang sa mga gantihan na nagiging isang sistema o sakit na paulit-ulit na dinaranas ng bawat sasapi. Walang puwang sa pananaw ng Islam na saktan o bigyan ng kahihyan ang isang sasapi na gustong maging kapatid.

Sa kapatirang Islam, tanging ang matapat at taimtim na pagbigkas ng **La Ilaha Ilallah** (walang ibang tunay na dios maliban sa Allah) ay isang sapat na katiyakan na ang pagiging magkakapatid ay walang hangganan, dito sa lupa at sa kabilang buhay.

Ang Islamikong kapatiran ay malinaw na binigyang kahulugan at pansin na tanging ito lamang ang daan tungo sa isang tahimik na pamayanan, dahil ang kapatirang pinaiiiral ay hindi sa kung ano pang dahilan kungdi ang layuning mapamahal sa Allah. Nagkaisa sila ng dahil sa paniniwala sa Allah (SWT) at sa mga turo ng Propeta Muhammad (SAW).

Sa kabila ng pagbabago ng panahon at mga makabagong kaunlaran na mabilis na lumaganap sa buong mundo, ang prinsipyo ng kapatiran ay hindi pa rin tuluyan nawawala. Ang karapatan at mga tungkuling ng mga Muslim sa kanyang kapatid ay nananatili. Sa isang Islamikong lipunan na kung saan ay nasakop na mga makabagong uso at mga pambihirang teknolohiya tulad ng mga bansang Malaysia, Singapore, Indonesia, at Saudi Arabia, nananatili pa din ang iisang mahalagang bagay sa lipunan - ang Kapatiran. Tulad ng nabanggit sa Banal na Qur'an:

**“O sangkatauhan! Nilikha Namin kayo mula sa iisang (pares) na babae at lalake, at ginawa namin kayo sa ibat ibang nasyon at tribo, upang magkakakila kilala kayo sa isat isa (hindi ang mag-talikuran kayo sa isat isa). Katotohanan ang pinakamataas mula sa inyo sa paningin ng Allah ay kung sino ang pinakadalisay sa inyo. Ang Allah ay may karunungan at may kaalaman (sa lahat ng bagay).” (Surah 49:13).**

Ang talata ay tumutukoy sa pangkalahatang kapatiran ng sangkatauhan, na nanggaling tayo sa iisang magulang, at naging mga nasyon at tribo. Nilikha tayo ng iisang Tunay na Dios at kapatiran na ang pangunahing paniniwala at pananampalataya ay kinakailangang maging matatag at malakas.

Ang kapatiran ay ating nasasaksihan sa panahong ito ng mga dumaraming bilang ng mga Muslim na nagsasadya sa Kaharian ng Saudi Arabia upang magsagawa ng ika-limang haligi ng Islam, ang Hajj o paglalakbay sa Makkah. Hindi mabilang ang dami ng mga Muslim sa buong mundo na nagkikita sa iisang lugar na may isang tanging layunin, kapatiran sa kaluguran ng Allah (SWT). Ang pagkakaisa at kapatirang ipinakita ng mga

Muslim sa buong mundo ay nanatiling hindi mapapantayan ng ano pa mang grupo o pananalampalataya. Ang kapatirang ito na nasaksihan ng lahat mga bansa sa buong mundo ay isang pagpapakita ng matatag na pundasyon ng Kapatirang Muslim, nang walang pagtatangi sa kulay, lahi, o salita. Sa huling mensahe ng Propeta Muhammad (SAW) sa Bundok ng Arafat binanggit niya ang sumusunod:

**“O tao! Katotohanan ang inyong Panginoon ay iisa at ang inyong Ama ay iisa. Lahat kayo ay galing sa isang ninuno na si Adam at si Adam ay nilikha mula sa putik. Walang pagkakahigit sa isang Arabo sa isang hindi Arabo; ni sa maputi kaysa sa isang maitim o ang isang maitim kaysa sa isang maputi, maliban sa isa – ang takot sa Allah (taqwa). Katotohanan ang pinakamataas sa inyo ay iyong pinakadalisay.”**

Isa sa dahilan ng paglaki ng bilang ng mga hindi Muslim na yumakap sa pananalampalatayang Islam ay ang tunay na kapatiran na tanging sa Islam lamang matatagpuan. Ang pagbigkas ng **shahada**<sup>39</sup> ang siyang naging hudyat upang maging kabahagi sila ng isang Muslim Ummah at naging kapatid na tanggapin kapatid sa isang Islamikong pamunuan.

Nakakalungkot nga lamang at may mga ibang elemento na nagnanais na buwagin ang paglaganap ng katuruan Islam sa buong mundo na walang ibang layuning kungdi maghasik ng lagim at kaguluhan sa Islamikong lipunan. Bilang mga Muslim na may takot sa Allah (SWT) nararapat na huwag tayong maging pabaya sa ating mga tungkulin at mga responsibilidad. Ang Allah (SWT) ay nagbanggit sa Banal na Qur’an na **“humawak ng mahigpit sa lubid ng Allah”**. Dapat tayong magkaisa upang labanan ang mga mapanggulong elemento na nasa sa ating paligid. Sila ay mistulang instrumento ng isinumpang si Shaytan na nagnanais na makapagbulid sa atin sa kasamaan. Dapat nating pangalagaan ang ating Ummah bilang isang matatag at dalisay na Islamikong kapatiran sa mga pagbabago ng mga makabagong henerasyon. Ang matatag na kapatiran kailanman ay hindi maapektuhan ng mga mapang-gulong elementong ito: Ang Allah (SWT) ay nagbanggit sa Banal na Qur’an:

**“At kumapit ng mahigpit, ng samasama, sa Tali ng Allah (na iniladlad para sa inyo), at huwag magkahatihatid sa isat isa; at alalahanin ng may pasasalamat, ang biyaya ng Allah para sa inyo; at ng kayo ay magkakaaway ay binuklod ng Allah ang inyong mga puso; ng pagmamahalan, ng sa gayo’y sa Kanyang biyaya, kayo maging magkakapatid; At nang nasa bingit na kayo ng bangin ng apoy, iniligtas kayo ng Allah. At ginawa ng Allah na malinaw ang Kanyang mga tanda; upang kayo ay gabayan.” (Surah 3:103)**

Isa itong matinding paalaala mula sa Allah (SWT) na maging malapit sa isat isa, higpitan ang yakap sa habag ng Allah (SWT), magkaisa sa landas ng Allah (SWT). Magkaisa tayo maging ano pa man ang ating bansang kinabibilangan, lahi, at kulay. Hindi nais ng Allah (SWT) na tayo ay magkahatihatid, ginawa Niya tayong magkakapatid sa isat isa. Ang lubid na binanggit ng Allah (SWT) sa talatang ito ay hindi isang ordinaryong lubid tulad ng nakikita natin dito sa dunia<sup>40</sup>. Ang lubid ay literal na kahulugan at ang tunay na kahulugan nito ay ang Qur’an, ang Hadeeth at ang Batas ng Islam<sup>41</sup>. Malinaw na binanggit ng Allah (SWT): **“at hawakan ng mahigpit, ng samasama, sa Lubid ng Allah (na iniladlad para sa inyo)”**, ito ay utos mula sa Allah (SWT), na higpitan ang hawak (**ang Lubid**) sa mga katuruan ng Islam. Hindi binanggit

<sup>39</sup> Pagsaksi na “Walang Tunay na Dios na dapat sambahin kungdi ang Allah lamang”

<sup>40</sup> Mundo

<sup>41</sup> Batas ng Islam batay sa Qur’an at Sunnah

ng Allah (SWT) na Qur'an lang ang panghawakan, at balewalain ang Hadeeth at ang Batas ng Islam, o balewalain ang Qur'an at panghawakan lang ay ang Hadeeth ng Propeta Muhammad (SAW), o balewalain ang dalawa at tangkilikin lang ay ang Batas ng Islam (Shariah). Ang lahat ng ito ay panghawakan at lahat ng ipinag-uutos ng Allah (SWT). Ito ang himala ng Banal na Qur'an, at hindi ito maitatwa, ang Qur'an ay eksaktong nabibigay ng ganap na utos ng Allah ng wala ni isang hiblang pagdududa at ni isa mang daglat ng pagkakamali.

Ang kapatirang binanggit noong kapanahunan ng kamangmangan (jahiliya), at sa panahon ng Propeta (SAW) ay nangyayari din sa makabagong panahon sa ngayon. Kung ating matatandaan ang kapatiran noong panahon ng jahiliya ay nakasalalay lamang sa pakikipagkaisa ng mga tribo at kamag-anakan, nagsasagawa sila ng mga digmaan at nakikipaglaban sa ibang mga tribo ng dahil sa paghihiganti o mangamkam ng kayamanan, ari-arian at karangalan at ng hindi ng dahil sa Allah (SWT). Ang mga tao sa ngayon ay walang pagkakaiba sa panahon noong jahiliya - ito ay kanila ding ginagawa. Makikita mo ang ibang nasyon na nananakop ng ibang nasyon upang mapalawak ang kanilang teritoryo at magtatag ng higit na malaking operasyong militar. Ang lahat ng ito ay nagaganap hindi ng dahil sa sa pagiging tapat sa Allah (SWT) kungdi ng sa kanilang kasakiman sa kapangyarihan. Ang pag-atake at paghihiganti ay nagiging palasak sa ngayon, papatay ang isang pamilya upang ipaghiganti ang kamatayan ng isa nilang kaanak at taglay ang adhikaing **pumatay o mapatay**. Sila ay nakikipaglaban ng dahil sa kapangyarihan, ang kanilang mga kagustuhan at kasakiman ang nagtutulak sa kanila upang maging palalo at matawag na malakas at makapangyarihang bansa.

Binigyan ng Allah (SWT) ang tao ng katalinuhan - ang kapangyarihang mangatuwiran at ginawa ang tao lalo na sa kasalukuyang lahi na kung saan natutunan ng tao ang mga bagay na maging mabilis at madali, na kung saan na nakapagbibigay ng dagling mga utos mula sa dulo ng kanilang mga daliri ng dahil sa bagong teknolohiya, na kung saan ang makabagong teknolohiya na din na ito ang nagpapagalaw sa halos lahat ng mga gawain ng tao - subalit sa kabila ng mga nakamamanghang pagbabago, ang tao ay patuloy na namumuhay sa kamangmangan. Ito ay isang nakakalungkot na katotohanan na ang tao sa kabila ng mga panahong nagdaan ay nananatiling mangmang sa biyayang ipinagkaloob ng Allah (SWT) sa sangkatauhan.

Ang kapayapaan at katahimikan ay hindi matatagpuan sa pagtatatag ng mga malalaking imbakan ng armas, mga panggiyerang pamhimpapawid, tangke, mga panggiyerang pandagat, at iba pang mga matataas na uri ng mga pangiyerang makinarya. Ang kapayapaan at seguridad ay matatagpuan lamang sa tunay na kapatiran, ang mga paglalaban ay mapapawi kung lahat ay magiging isang magkakapatid, ang mga tulong ay dadagsa mula sa isat isa. Ang mga makinaryang panggiyera ay mawawalan ng kabuluhan, kung ang lahat ng mga bansa ay mayroong pagkakaisa at magkakaroon ng unawaan sa kung ano ang tunay na kahulugan ng kapatiran..

Binigyan diin ng Islam na ang pagkakaisa ng mga Muslim ay ang pagiging magkapatid sa paniniwala at pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Dios. Ang kapatirang ito ay napakahalaga upang maisalba ang mundo mula sa "racial distrimination", mga pagkakahiwahiwalay ng pananalampalataya, alitan sa mga hangganan, labanan at digmaan at lahat ng uri ng mga di pagkakaunawaan. Kung ang kapatiran ay ipatutupad at maraming tao ang susuko sa Allah (SWT) at magiging isang Muslim, ang mundo ay unti unti mapapalapit sa pagkakaisa, palapit sa kapayapaan at palayo sa mga digmaan. Kung ating susuriin ang kasalukuyan at ang nakaraan, ating mauunawaan na

ang mga digmaang naganap sa magkabilang panig ay mayroong magkaibang kinamulatan, magkaibang pangunawa, at magkaibang layunin.

Ang Islam ay nag-bibigay ng pinakamainam na lunas - pagkakaisa ng sangkatauhan sa pamamagitan ng batas ng Allah (SWT), pangkalahatang pagkakaisa ng mga kaisipan, kinamulatan, at mga layunin at nang sa ganon Insha-Allah, ang kapayapaan at katuwaan ay mananaig at ang tunay na kapatiran ay maisasakatuparan sa sangkalupaan sa pamamagitan ng gabay na ipinagkaloob ng Allah (SWT). Isangtabi ang kulay, lahi o tribu at samasamang yakapin ang Batas ng Allah (SWT), pairalin ang tunay na pagkakaisa at maging magkakapatid sa tunay pananalampalataya...

As salamu alaykum wa rahmatullahi wa barakatu.

## **MGA PINAGBATAYAN**

1. Holy Quran
2. Hadeeth Qudsi
3. Sahih Al Bukhari
4. Sahih Al Muslim
5. Ar-Rahiq Al Maktum (The Sealed Nektar)
6. To Be a Muslim by Fathi Yakun
7. The Light of Islam by Muhammad Al Khuli